Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City
www.dilg.gov.ph

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
RELEASED
Signature MA
Date 9-4-15
Control Number
RECORDS SECTION

May 4, 2015

MEMORANDUM SIRKULAR
BLG. 2015-47

PARA SA : LAHAT NG PUNONG LOKAL NG MGA LALAWIGAN, LUNGSOD, BAYAN AT BARANGAY, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : KONGRESO SA PAGPAPLANO NG WIKA

---

Kaugnay ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 (s. 1997) ay ang pagdaraos ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Pangasinan, ng *Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika* na gaganapin sa Agosto 5-7, 2015 sa Sison Auditorium, Tanggapang Panlalawigan, sa Lingayen Pangasinan.

Ang pangunahing layunin ng kongreso ay ang mailahad at matalakay ang pag-unlad at kasalukuyang sitwasyon ng wikang pambansa, at makabuo ng kongkretong solusyon at plano para sa wikang Filipino. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:

a. Magkaroon ng pagsusuri sa mga naging gawaing pangwika sa loob ng 79 taon kaugnay ng pagpaplano ng wika.

b. Matukoy at matugunan ang kaukulang solusyon ang mga suliraning pangwika sa iba't ibang larangan ng lipunang Filipino sa buong bansa, at

k. Makabuo ng mga konkretong limang taong plano ng mga programa at proyekto para sa wikang Filipino.

Dahil dito, malugod na hinihikayat ng tanggapang ito ang suporta at paglahok ng lahat ng gobernador, punong lungsod, punong bayan, pinuno ng barangay, at iba pang kawani ng pamahalaan na lumahok sa naturang kongreso.

Ang pagdalo ng mga kinatawan ay sa opisyal na oras at ang gastos para sa transportasyon, pagkain at hand out ay maaaring manggaling sa pondo ng local na pamahalaan pasubaling ito ay dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

Para sa reserbasyon, detalye, at iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina Remedios P. Vasquez sa Telepono numero 736-2519 lokal at Jona S. Guarin sa Tel. No. 516-0326 0906-4528247 o mag email sa jonaguarin@gmail.com at sh ebvega@yahoo.com.

Inaatasan ang lahat ng Director Panrehiyon ng DILG na manguna at mangasiwa sa malawakan at dagliang pagpapalaganap ng kalatis na ito sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa kaalaman at patnubay ng lahat ng kinauukulan.

MAR ROXAS
Kalihim

It's more fun in the Philippines

DILG-OSEC OUTGOING 15-01220